

Kaluwagan ng transisyon:

10 patnubay para sa mga magulang ng mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan

Upang makatulong sa kaluwagan ng transisyon para sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa taong pang-akademya na ito, narito ang ilan sa mga makakatulong na patnubay:

1. Bisitahin ang paaralan kasama ang inyong anak. Tukuyin ang mga banyo, kapeterya, opisina, palaruan, atbp. Ang mga mas nakakatandang mag-aaral ay maaaring makinabang sa mga mapang may mga iskedyul ng oras. Kausapin ang inyong anak tungkol sa mga masasayang bagong klase, gawain at kaganapan kung saan siya ay makakasali.

2. Tulungan ang inyong anak na muling makipagkonekta sa kanyang mga kaeskwela. Ipagtanong kung ang paaralan ng inyong anak ay mayroong buddy system o kung ang mga mag-aaral na lider ay makakatulong bilang mga mentor o tagapatnubay.

3. Suriin ang mga layunin ng Individual Education Program (IEP). Siguraduhing ang mga layunin ay kasalukuyan pa ring makabuluhan at tandaan ang petsa ng taunang pagsusuri. Tandaang maaari kayong humiling ng pagsusuri ng IEP sa kahit anong oras. At siguraduhing tinatalakay ang mga pagtatasa para sa inyong anak -- tingnan ang pahina 11 para sa higit pang impormasyon.

4. Makipag-ugnay sa guro. Sumulat ng maikling panimula tungkol sa inyong anak (kabilang ang isang litrato) na may kasamang kanyang mga gusto at hindi gusto, mga sosyal/emosyonal na pagkakaiba, mga nakapanghihikayat sa kanya, paraan ng komunikasyon, kasalukuyang medikal na impormasyon at anumang iba pang impormasyon. Kapag kayo ay higit pang nagiging proaktibo at matapat ay mas higit pang matutugunan ng mga guro at staff ng paaralan ang mga pangangailangan ng inyong anak.

5. Tumulong sa pagpapalano para sa pagsasanay ng ability-awareness. Kapag ang inyong anak ay nasa klase ng pangkalahatang edukasyon, isipin ang pagtulong sa pagpapalano para sa pagsasanay ng ability-awareness kasama ang klase. Siguraduhin muna

ang pagpayag at pagsuporta ng inyong anak sa desisyon. Sumulat ng isang istorya para sa ibang mga bata upang maunawaan nila kung ano ang kakaiba sa kanya at kung ano ang maaaring maging mahirap para sa inyong anak.

6. Panatilihin organisado ang mga dokumento. Lumikha ng kalendaryo ng pamilya para sa mga kaganapan sa paaralan, pagpupulong para sa espesyal na edukasyon, kumperensya, atbp.

7. Ipagpatuloy pag-aaral. Manatiling may kaalaman sa mga bagong balita at espesyal na edukasyon at lehislyasyon upang kayo ay makapagtaguyod para sa inyong anak at sa lahat ng mga kabataan.

8. Lumikha ng log para sa komunikasyon. Ito ay makakatulong sa pagsiguro na kayo at ang staff ng paaralan ay sumasang-ayon sa isa't isa. Siguraduhing nakasulat ang mga petsa, oras at katangian ng mga hawak mong komunikasyon.

Karagdagang impormasyon

Alamin ang mga kasagutan sa mga tanong na ito at higit pang impormasyon sa www.capta.org/special:

■ “Paano ko malalaman kung ang aking anak ay may espesyal na pangangailangan?”

■ “Ano ang mga uri ng mga serbisyong mayroon para sa aking anak?”

■ “Ano ang ginagampang papel ng sikologo ng paaralan?”

■ “Paano ko sisimulan ang proseso para sa espesyal na edukasyon?”

■ “Ano ang individual education program (IEP)?”

■ “Anong mga katanungan ang dapat na itanong ng mga magulang?”



9. Hangga't maaari ay dumalo sa mga kaganapan sa paaralan. Ang mga kaganapan sa paaralan katulad ng back-to-school night at mga kumperensya ng mga magulang at guro ay nagbibigay ng

malaking oportunidad na makasalamuha ang mga staff at ibang mga mag-aaral at pamilya.

10. Mag-alok ng tulong sa klase o sa mga kaganapan ng PTA.